


Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation: A Project Ensuring the Full and Effective Participation of Indigenous Peoples in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System

MATERYALES SA PAGKAT-ON

# Kabayaran para sa Pag-aaring Intelektwal ng Pamayanan

JAMES ISRAEL ALIM & TIMOTHY SALOMON

**Panimula**

Ang mga katutubo ay kilala bilang tagapangalaga ng isang-katlo (1/3) ng natitirang kagubatan at nasa 80 bahagdan ng natitirang samu't-saring buhay sa buong mundo. Tinuturong dahilan ang angking ugnayan ng mga katutubo sa kalikasan dahil hindi lang nila alam ang mga pisikal na benepisyong ibinibigay nito kundi maging ang ispiritwal na kahalagahan nito dahil itinuturing nila itong lugar kung saan nananahan ang kanilang mga diyos at mga kanunu-nunuan.

Dahil nakakabit ang kanilang pagkatao at kultura sa kanilang lupaing ninuno, may mga katutubong kaalaman o indigenous knowledge, systems, and practices (IKSPs) ang mga katutubo na naka-ugat sa kalikasan. Ang mga IKSPs na ito, na pawang mga anyo ng katutubong agham, ay nagtataguyod ng pangangalaga at pagpapanatili sa kalikasan. Mula rin sa mga IKSPs na ito, nabubuo ang mga kultural na ekpresyon at mga kultural na produkto masasabi ng mga katutubong kanila.

Mula sa kasaganaang ito, nagpupunta ang mga industriya sa mga katutubong pamayanan para sa kanilang mga kultural na kalakal, mga likas na yaman tulad ng troso at mga mineral, at maging ang kanilang lupa para sa pagpalago ng kanilang negosyo. Sa pagtatagpong ito, isang negosasyon ang nangyayari sa pagitan ng a) bibili, sa kasong ito ay ang mga industriya pero maaari ring maging indibidwal o ang pamahalaan, at ng b) nagbebenta, sa kasong ito ay mga katutubong pamayanan na nagmamay-ari ng mga nais bilhin sa kanila. Kung gayon, nararapat na mayroong mga proteksyon hindi lang para sa parehong panig kundi maging sa talino na nasa likod ng produkto, nasasalat man ito o hindi.

**Ang Katutubong Kaalaman at ang Pag-aaring Intelektwal ng Pamayanan**

Mula sa mayamang karanasan at mataimtim na ugnayan ng mga katutubo sa kalikasan mula pa man noong sinauna, nakabuo ang mga katutubong pamayanan ng mga katutubong kaalaman o IKSPs na kanilang patuloy na pinaghuhusay. Ang mga IKSPs na ito ang nagtatakda ng buhay ng mga katutubong pamayanan dahil saklaw nito ang kanilang katutubong paniniwala o ispiritwalidad, kaalamang meteorolohiya, at mga tradisyonal na batas na humuhubog sa kanilang pamamahala sa mga kagubatan, sa mga agrikultural at akwakultural na mga kagawain, iba pang mga kabuhayan, at ang iba pang aspeto ng kanilang buong buhay sa loob pamayanan.

Sinasalamin ng mga IKSPs kung paano nagagawang mag-imbento at magpamalas ng kanilang talino sa iba-ibang larangan batay sa kanilang sariling agham na kanilang nabuo sa pamamagitan ng daan-daan, kung hindi libo-libong, taon ng pakikipag-ugnayan sa kalikasan. Sa madaling sabi, ang mga IKSPs ay mga pag-aaring intelektwal ng mga katutubong pamayanan.

Halimbawa, ang mga kaalaman ng mga katutubo sa panahon at klima at maging sa pagdayo at pag-alis ng mga ibon ay nagiging kanilang batayan para sa kanilang siklo ng pananim para sa mga partikular na mga halaman at batayan din ng pagkakaroon ng piling mga likas-yaman sa kagubatan. Nariyan rin ang katutubong kaalaman pagdating sa mga halamang gamot at ang mga tradisyonal na mga pamamaraan ng pagpapagaling na kaakibat nito. Maliban sa mga ito, ang mga katutubo ay mayroon ding mga makulay na oral na tradisyon, nasusulat na literatura, mga biswal na disenyo, at iba pang mga anyo ng sining na bahagi ng kanilang salinlahi.

Kapag nalalaman ng mga negosyante ang mga ito, karaniwan silang naghahayag ng interes na pagkakitaan ang mga ito. Kapag nangyayari ito, nagkakaroon ng negosasyon sa pagitan ng katutubong komunidad na siyang nagbebenta at ang mga negosyante na nagnanais bumili ng mga pag-aaring intelektwal na ito. Habang nakikisali ang mga katutubo sa ganitong uri ng negosasyon, nararapat na sila ay maalam pagdating sa mga karapatan at proteksyon na binibigay ng batas para sa kanilang pag-aaring intelektwal.

Halimbawa, dapat ay alam ng mga katutubong pamayanan na sila ay may karapatan sa malaya, nauuna, at maalam na kapahintulutan o free, prior, and informed consent (FPIC), na nangangahulugan na may karapatan silang hindi magbigay-pahintulot kung ito ang napagkasunduan ng pamayanan.

**Karapatan at Proteksyon sa mga Pag-aaring Intelektwal**

May ilang mga pandaigdaigang mga ligal na instrumento ang naglalahad ng mga karapatan at proteksyon pagdating sa mga pag-aaring intelektwal sa pangkalahatan at maging sa kaso ng mga katutubong pamayanan:

- Sinasabi sa Universal Declaration of Human Rights (UDHR) at sa International Covenant on Economic, Social, and Cultural Rights (ICESCR) na lahat ay may "karapatang makilahok nang malaya sa buhay pangkalinangan ng pamayanan, upang tamasahin ang mga sining at makihati sa mga kaunlaran sa siyensiya at sa mga pakinabang dito." (UDHR Art. 27 [1] at ICESCR Art. 15 [1a, 1b]) at mayroon din silang karapatan na "sa pangangalaga ng mga kapakanang moral at materyal bunga ng alin mang produksiyong pang-agham, pampanitikan o pansining na siya ang may-akda." (UDHR Art. 27 [2] at ICESCR Art. 15 [1c]).
- Sa ilalim naman ng Convention on Biological Diversity (CBD), may mga probisyon pagdating sa pagrespeto, pagpreserba, at pagpapanatili ng IKSP na may kinalaman sa konserbasyon ng samu't-saring buhay, pagtataguyod ng malawak na aplikasyon at pagkakasangkot ng mga IKSP holders, at ang paghihikayat ng *equitable benefit-sharing mechanisms* na pumapabor sa mga IKSP holders [Art. 8j].
- Sa United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (UNDRIP) naman, mayroong partikular na probisyon sa pagmamay-ari, pagkontrol, at pagprotekta sa mga pagmamay-aring kultural at intelektwal ng mga katutubo. Ayon sa Artikulo 31, "Ang mga katutubo ay may karapatang panatilihin, pamahalaan, pangalagaan at paunlarin ang pamana ng kanilang lahi, tradisyonal na kaalaman at tradisyonal na kultural na pagpapahayag, kabilang ang mga manipestasyon ng kanilang mga agham, teknolohiya at kultura, kabilang rito ang pantao at henetikong kayamanan, binhi, gamot, kaalaman sa mga katangian ng mga hayop at halaman, oral na tradisyon, literatura, disenyo, palakasan at tradisyonal na laro, biswal at performing arts. Mayroon din silang karapatan na panatilihin, pamahalaan, pangalagaan, at paunlarin ang kanilang pag-aaring kaalaman sa mga pamana ng lahi na kultural, tradisyonal na kaalaman, at mga tradisyonal na pangkultural na pagpapahayag."
- Sa International Labour Organization Convention No. 169 (ILO 169), mayroong probisyon sa karapatan ng mga katutubo sa paggamit, pamamahala, at pagkonserba ng mga likas na yaman sa kanilang teritoryo at nakasaad din na ang karapatang ito ay dapat maprotektahan (Art. 15 [1]).

Sa Pilipinas, mayroon ding mga polisiya na nagbibigay proteksyon sa mga pag-aaring intelektwal gaya na lang ng Batas Republika 8293 o ang Intellectual Property Code of the Philippines na nagpapatibay na ang lahat ng mga pandaigdigang kombensyon kung saan nakapirma ang bansa. Maliban pa rito, may mga lokal na polisiya rin ang may probisyon sa karapatan ng mga katutubo sa kanilang pagmamay-aring intelektwal.

- Nakasaad sa Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA) na, "ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan na isagawa at muling buhayin ang kanilang sariling tradisyunal na kultura at kagawian. Pananatilihin, pangangalagaan at pauunlarin ng Estado ang nakaraan, kasaluyan at hinaharap na mga pagpapakilala sa kanilang mga kalinangan gayundin ang karapatan na mapanumbalik ang mga kalinangan, pangkarunungan, may kinalaman sa relihiyon, at pang-espiritwal na pagmamay-ari na kinuha sa kanila nang walang malaya, nauuna at malinang na pagsangayon o labag sa kanilang mga batas, salindunong/tradisyon at kagawian." (Sek 32). Dagdag pa riyan, nakasaad din sa IPRA na, "ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay may karapatan sa pagkilala at ganap na pagmamay-ari, pamamahala at pangangalaga ng kanilang mga karapatang pangkalinangan at pang-intelektwal. Sila ay may karapatan sa natatanging mga hakbang sa pamamahala, pagpapaunlad at pangangalaga ng kanilang mga agham, teknolohiya at pangkalinangan, mga pagkakakilanlan, kabilang ang pantao at iba pang yamang henetiko, mga binhi, kasama ang pinagmulan ng ganitong yaman, katutubong gamot at kasanayang pangkalusugan, mahahalagang halamang gamot, mga hayop at mineral, katutubong sistemang pangkarunungan at pamamaraan, kaalaman sa katangian ng mga hayop at halaman, tradisyong oral/pasalita, panitikan, disenyo, biswal at performing arts." (Sek 34)
- Ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) naman ay naglabas ng isang administrative order na nagtatakda ng mga pamantayan sa pananaliksik at dokumentasyon ng mga IKSPs at mga tradisyonal na batas. Nakasaad sa NCIP AO No. 1 Series of 2012 Section 4[f] na ang mga katutubo at kanilang pamayanan ang siyang may eksklusibong karapatan na tumukoy sa saklaw, nilalaman, o paraan ng paglalahad ng mga impormasyon o kaalaman na maaaring ilatlhala na may kinalaman sa mga tradisyonal na paniniwala at ispiritwalidad ng mga katutubo, mga ritwal at/o mga bagay na ginagamit sa mga seremonya, at mga pamanang pook. Sa ilalim din ng nasabing AO, nakalahad ang karapatan ng mga katutubo sa FPIC na nangangahulugan na mayroon silang karapatan na magbigay o hindi magbigay ng pahintulot sa mga pananaliksik o dokumentasyon ng mga IKSPs at mga tradisyonal na batas (Sek 4[d]).
- Sa Administrative Order No 3 Series of 2012 on Free, Prior, and Informed Consent naman ng NCIP nakasaad na ang mga royalties ay hindi dapat ituring na ekonomikong benepisyo, kundi isang *social justice measure* para sa mga katutubo at kanilang pamayanan bilang pagkilala sa kanilang pamamahala ng salinlahing karapatan na nagmumula sa kanilang mga intelektwal at materyal na ari-arian na binibigyang garantiya ng pambansa at pandaigdigang batas. Dulot nito, ang mga patakaran at kasunduan para sa pagtanggap ng community royalty payments ay dapat nakapabor sa mga pangangailangan at kagustuhan ng mga katutubo at ng kanilang pamayanan na nakasulat sa kanilang Community Royalty Development Plan (CRDP). Ang mga kita na makukuha mula sa CRDP ay dapat gamitin sa mga programa at proyekto na nagtataguyod sa kagalingan at benepisyo ng mga apektadong katutubo at kanilang pamayanan. Dapat ding may mga *transparency mechanism* sa CRDP para malinaw ang tungkulin ng mga katutubo at kanilang komunidad sa pagplano at pagsuri ng paggamit ng mga royalty payments. Kasama rin sa *transparency mechanism* ang pagbibigay sa NCIP ng *monitoring at visitorial powers* para pangasiwaan ang implementasyon ng CRDP. Ang mga katutubo at kanilang pamayanan ay may karapatan na humingi ng *periodic review* ng mga ekonomikong probisyon sa anumang CRDP. Sa ligal na kasunduan tulad ng Memorandum of Agreement (MOA) dapat nakalagay ang dalas ng pagsusuri sa mga ekonomikong probisyon.
- Noong 2018, pinirmahan ng Kalihim ng Department of Energy ang Department Circular No. 2018-03-0005 policy na nagbibigay ng pormal na pagkilala sa mga katutubong pamayanan bilang "power infrastructure host communities." Kaakibat ng pagkilalang ito, ang karapatan ng mga katutubo na makakuha ng "one centavo per kilowatt-hour (PhP 0.01/kW-hr) of the total electricity sales trust fund that is owned by the power generators and the recipient communities." Alinsunod sa nakasaad sa Electric Power Industry Reform Act (EPIRA o RA 9136), ang pondo ay dapat may alokasyon sa "development and livelihood fund (DLF), reforestation, watershed management, health and/or environment enhancement fund (RWMHEEF) and electrification fund (EF)." Nakasaad dito na ang alokasyon sa DLF at RWMHEEF para sa mga host organized ICCs/IPs (Katutubong Pamayanang Kultural/ Katutubong Pamayanan) ay limang bahagdan.

**Ang Community Royalty**

May ilang mga pamamaraan para mabigyang proteksyon ang pag-aaring intelektwal ng pamayanan. Isa sa mga pinakamadaling paraan ay ang pagkakaroon ng isang royalty agreement kasama ang bumibili (karaniwan ay isang korporasyon). Kung bibigyang-pakahulugan, ang royalty ay tumutukoy sa tiyak na halaga ng kabayaran sa may-ari ng pag-aaring intelektwal para sa paggamit nito. Sa kaso ng pag-aaring intelektwal ng pamayanan, dapat ay may kasunduan sa pagitan ng pamayanan at ng bumibili sa halaga ng royalty at kadalasan ng pagbabayad.

Halimbawa, may isang parmasyutikong kumpanya ang interisado sa mga halamang gamot na matatagpuan sa lupaing ninuno at sa katutubong kaalaman sa halagang medisinal ng mga halamang ito at nais nilang pagkakitaan ito. Sa sitwasyong ito, kailangang magkaroon ng kasunduan sa pagitan ng katutubong pamayanan at ng kumpanya kung saan nakasaad ang patakaran sa paggamit ng pag-aaring intelektwal ng pamayanan at ang hatian sa mga kikitain dito na matatanggap ng katutubong komunidad sa anyo ng royalty payments.

Ganito rin ang mangyayari kung sa mga *renewable energy companies* kung nais gamitin ang mga likas-yaman na nasa loob ng mga tradisyonal na teritoryo ng mga katutubo para sa paghango ng kuryente. Kailangan na magkaroon sila ng kasunduan kasama ang katutubong pamayanan at magkasundo sa royalty payments na matatanggap ng pamayanan.

Maaaring may mga iba pang mga magnanais bumili sa pag-aaring intelektwal ng mga pamayanan (halimbawa ay biswal na anyo ng sining, nakasulat na literatura, at oral na tradisyon) ngunit hanggang ang paggamit ng mga IKSPs na ito ay para sa pagkita, dapat silang kumonsulta sa mga katutubong pamayanan at magkaroon ng pormal na kasunduan bago nila ito gamitin at pagkakitaan.

**Kabayaran para sa Epektong Panlipunan at Pangkalikasan**

Sa ilalim ng batas ng Pilipinas, may karapatan din ang mga katutubo na mabigyan ng kabayaran para sa mga "social at environmental costs" ng mga paggamit, paghango, at pagpapaunlad ng lupa at likas na yaman na naririto.

Dapat mabigyan ng sapat na panahon ang pamayanan para sa negosasyon sa mga kabayaran sa mga epektong maaaring idulot ng proyekto para matulungan ang pamayanan sa pagdedesisyon kung magbibigay-pahintulot o hindi.

Nakasalalay sa pagbibigay o hindi pagbibigay ng pahintulot ng pamayanan ang kahihinatnan ng negosasyon, at dapat tandaan na maaari itong bawiin ng pamayanan sa anumang punto ng negosasyon.

**Mga Piling Kwento: Pagmamay-aring Intelektwal ng mga Pamayanan at Royalty**

Narito ang dalawang kwento na nagpapakita ng (1) kung paanong ang akademiya ay kumilala sa pag-aaring intelektwal ng mga katutubong pamayanan tulad ng nangyari kay Dr. Lourdes Cruz, isang National Scientist, at ang kanyang pakikisalamuha sa mga Aeta-Magbukon sa Bataan sa pananaliksik; at, (2) kung paanong ang mga katutubong komunidad ay nakakuha ng community royalty at iba pang benepisyo mula sa pakikipag-partner sa lokal na pamahalaan tulad ng karanasan ng mga Manobo at ng pamahalaan ng Bislig City.

**Ang mga Aeta-Magbukon at si Dr. Lourdes Cruz: "Research for the People"** (Morong, Bataan)

- Itinataguyod ni Dr. Cruz ang pamamaraan ng pagsasagawa ng pananaliksik o research na may pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan at kagustuhan ng mga katutubong pamayanan.
- Binibigyang-diin din niya ang pakikilahok ng mga katutubo sa buong proseso ng pananaliksik.
- Para sa kanya, ang konsultasyon ay ginagawa hindi lang dahil kailangan ito alinsunod sa FPIC ngunit dahil mahalagang bahagi ito ng pagkalap ng datos at maging sa pagsusuri nito.
- Sa pagsasagawa ng mga pananaliksik, isinasangkot ni Dr. Cruz ang mga pinuno at maging mga kabataang Aeta-Magbukon bilang mga kapwa mananaliksik at sa gayon ay nabibigyan sila ng pagkakataon na pagbutihin ang kanilang kakayanan sa pananaliksik at maging katuwang sa pagbubuo ng kaalaman.
- Lahat ng pag-aaring intelektwal ay ginagarantiya na pagmamay-ari ng mga Aeta-Magbukon at si Dr. Cruz ay nagiging tagapagpadaloy (facilitator) lang nito.
- Lahat ng mga maaaring kitain mula sa mga kaalaman na nasisiyasat at nadodokumento ay dapat pamahaalan alinsunod sa tradisyonal na pagpapasiya ng pamayanan.

**MATRICOSO, Bislig City Government, at ang Tinuy-an Falls** (Bislig City, Surigao del Sur)

- Ang MATRICOSO ang nangangalaga sa Tinuy-an Falls, ang tinaguriang "Niagara Falls ng Pilipinas".
- Sa taglay nitong ganda, maraming turista ang nabibighani at dinadayo ang lugar para makita ito.
- Nang mapansin ng lokal na pamahalaan ang potensyal ng Tinuy-an Falls, inalok nila ang MATRICOSO ng suporta para pagandahin pa ang pasilidad sa lugar para sa turismo.
- Naging bukas ang MATRICOSO sa alok ng lokal na pamahalaan at pumasok sila sa isang kasunduan na nagbibigay sa kanila ng 10 bahagdan na bahagi sa kita ng Tinuy-an Falls at pagbibigay prayoridad sa mga Manobo bilang tour guides at forest guards.
- Kasama rin sa kasunduan ang pagkabuo ng city tourism council. Nang mapasa ang batas na Expanded National Integrated Protected Areas System (ENIPAS), ang council na ito ang naging PAMB nang madeklara ang PA sa lugar.

**Ang Community Royalty Development Plan**

Ayon sa Revised FPIC Guidelines of 2012 ng NCIP, ang mga katutubo at kanilang mga pamayanan ay dapat na gumawa ng Community Royalty Development Plan (CRDP) para mabisang mapamahalaan at magamit ang mga royalties. Sila ay dapat makatanggap o tatanggap batay sa kanilang ancestral domain sustainable development and protection plan (ADSDPP).

Ilan sa mga bagay na dapat isaalang-alang ng mga IP organizations (IPOs) sa pagbuo ng CRDP ay ang: 1) kalinawan at pagiging akma ng *royalty management structure,* 2) *equitability of benefit-sharing,* 3) *transparency and accountability mechanisms,* at siyempre, 4) *prioritization in terms of fund allocation.*

Ang CRDP ay maaaring isulat sa tulong ng publiko o pribadong ahensya **kung** ito ang pagnanais ng katutubong pamayanan. Matapos magawa ang CRDP, ito ay bibigyang patunay ng NCIP field office bago ito isumite sa NCIP En Banc para sa kompirmasyon.

**Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng CRDP**

Ang pagsasagawa ng CDRP ay maaaring magbago batay sa pamayanan o sa entidad na tumutulong sa kanila, ngunit karaniwan ay binubuo ito ng mga sumusunod na hakbang:

- Pagsusuri sa Kalagayan ng Pamayanan (*Situational Assessment):* Ang paggawa ng CDRP ay karaniwang nagsisimula sa pagsusuri sa kalagayan ng katutubong pamayanan. Kasama rito ang pagtingin sa

mga positibo at negatibong aspeto ng komunidad, ang kanilang mga kalakasan at kahinaan, at maging ang mga pagkakataon at banta na nakakaapekto rito.

- Pagsusuri sa Bisyon ng Pamayanan (*Community Vision Appraisal):* Dapat ding pagnilay-nilayan ng pamayanan ang kanilang bisyon para sa kanilang pamayanan at kung gaano sila katagumpay sa pagkamit ng bisyon na ito sa kasalukuyan nilang sitwasyon. Ito ay magreresulta sa pagtukoy sa mga hamon at pangangailangan ng komunidad para makamit ang kanilang bisyon, na siyang magbibigay-impormasyon para sa mga susunod na hakbang.
- Pagtukoy sa mga Prayoridad (*Determination of Priorities):* Batay sa mga pangangailangang natukoy, ang mga miyembro ng pamayanan ay titingin naman sa kung ano ang maaaring magawa nila sa paggamit ng CRDP o ibang pamamaraan. Ang mga malalaman mula sa hakbang na ito ang magbibigay-impormasyon sa prayoritisasyon sa alokasyon ng pondo.
- Pagkakasundo sa Alokasyon (*Agreement on Allocation):* Sa pagtukoy sa mga prayoridad at pagkasundo rito, kailangan nang magkasundo sa aktwal na alokasyon ng pondo.
- Pagkakasundo sa Implementasyon (*Agreement on Implementation):* Kapag mayroon nang natukoy at napagsunduang alokasyon sa pondo, ang huling hakbang ay ang pagkakasundo sa implementasyon ng CRDP.

**Paggamit ng Royalty**

Sa madaling salita, ang paggamit ng royalty ay dapat sa benepisyo ng mga may-ari ng pag-aaring intelektwal. Ayon sa Seksyon 62 ng NCIP Revised FPIC Guidelines of 2012, dapat ay may alokasyon sa mga sumusunod: emergency concerns, investments (maaaring maging short-, medium-, o long-term), livelihoods at social development (kinakailangan na hindi bababa sa 30 bahagdan kada release), education at training, cooperative development, credit, salaries, mutual assistance, at iba pa. Nakasaad din sa guidelines na ang royalty ay hindi dapat gamitin para sa pagsasaayos ng mga kasiraan na idinulot ng kumpanya dahil ito ay kanilang obligasyon.

**Mekanismo ng Pamamahalang Pampinansya**

Para masiguro ang maayos na pamamahalang pampinansya, ang IPO ay inaasahan na maghanda ng mga periodic financial reports at annual financial statements na dapat may mga kopya na ipapasa sa NCIP. Dagdag pa riyan, dapat ibahagi ang nilalaman ng mga financial reports sa mga miyembro ng IPO sa kanilang taunang pagpupulong kung saan nila tatalakayin ang mga bagay na nakakaapekto sa pamayanan, kabilang na ang pinansya.

**Mga Praktikal na Tips para sa mga Negosyasyon para sa Community Royalty**

- Ang mga international at national standards ay dapat gawing MINIMUM STANDARDS sa pagkalkula ng ekonomikong benepisyo.
- Sa lahat ng gawain bago ang FPIC, dapat magbayad ng disturbance fee sa pamayanan, at dapat maibigay ito maliban pa sa community royalty fees.
- Kailangang igiit ang PES bilang "cost of doing business" dahil ang mga serbisyong ekolohikal na ibinibigay ng mga ICCs/IPs ay KINAKAILANGAN AT HINDI MAIHIHIWALAY mula sa energy production at/o water distribution para sa kaso ng mga public utilities.
- Dapat ay may nakatakdang pagsusuri ng ekonomikong probisyon para malaman kung kailangan baguhin ito batay sa kondisyon ng pamayanan at ng ekonomiya na maaaring maapektuhan ng mga bagay o salik na mangyayari sa hinaharap.
- Dapat ay malinaw ang lahat ng hakbang sa pamayanan lalong-lalo na pagdating sa pamamahala sa pinansya pagdating sa mga royalty payments at profit-sharing arrangements.
- Dapat ay may mekanismo para sa pamamahala ng mga hinaing kung may paglabag sa napagkasunduan ng mga panig. ☐

**Sanggunian**


Bantay Kita. (n.d.). A Primer on Managing the Ancestral Domain. http://www.bantaykita.phuploads/2/9/9/2/29922649/5_primer_ancestral_domain_agusan_marsh_cover.pdf.

Hansen, S. A., & VanFleet, J. W. (2003). Traditional Knowledge and Intellectual Property: A Handbook on Issues and Options for Traditional Knowledge Holders in Protecting their Intellectual Property and Maintaining Biological Diversity. American Association for the Advancement of Science (AAAS) Science and Human Rights Program.

Romero, P. C. (2014, May 23). Research "by the people:" making it possible. Ateneo de Manila University. https://ateneo.edu/news/features/research-%E2%80%9C-people%E2%80%9D-making-it-possible

The ICCA Registry. (2019, July 1). Pangasananan, Philippines. https://www.iccaregistry.org/en/explore/Philippines/pangasananan



Ang learning material na ito ay inihanda nina James Israel Alim at Timothy Salomon para sa proyektong *"Recognizing the Indigenous Communities behind the Conservation of Nature: A Project Pursuing the Full and Effective Participation of Indigenous Communities in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System."* Isinagawa ang proyektong ito sa pagtutulungan ng ANGOC, Bukluran, at PAFID. Ang proyektong ito ay suportado ng Sudden Opportunity Grant Facility of VOICE, na isang inisyatibo ng Netherlands Ministry of Foreign Affairs na isinakatuparan sa isang consortium sa pagitan ng OXFAM Novib at Hivos.

Ang mga pananaw at opinyon na inihayag sa materyal na ito ay hindi sumasalamin sa pananaw ng VOICE, Netherlands Ministry of Foreign Affairs, OXFAM Novib, at Hivos.

**Citation**

Alim, J.I., Salomon, T. (2020). *Kabayaran para sa Pag-aaring Intelektwal ng Pamayanan*. ANGOC, BUKLURAN, PAFID, and VOICE. [Learning material prepared for the project, Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation].


ANGOC

The Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development (ANGOC) a regional association of national and regional networks of civil society organizations (CSOs) in Asia actively engaged in promoting food sovereignty, land rights and agrarian reform, sustainable agriculture, participatory governance, and rural development. ANGOC member networks and partners work in 10 Asian countries together with some 3,000 CSOs and community-based organizations (CBOs). ANGOC actively engages in joint field programs and policy discussions with national governments, intergovernmental organizations (IGOs), and international financial institutions (IFIs).


33 Mapagsangguni Street, Sikatuna Village, Diliman, Quezon City 1101 Philippines
Tel: +63-2 8351 0581 | Fax: +63-2 8351 0011 | Email: angoc@angoc.org |
Website: www.angoc.org


The formation of Bukluran Para sa Pangangalaga ng Kalikasan ng Pilipinas (BUKLURAN, Inc.) or the Philippine Indigenous Peoples Community Conserved Territories and Areas Consortium (Philippine ICCA Consortium) is a nationwide network of community membership-based indigenous people's organizations (IPOs) of all ethnographic types. It is premised on bringing together indigenous peoples who assert and utilize traditional governance to protect community-conserved areas. Common to its members is the shared view that indigenous peoples' survival depends on the protection of valuable knowledge systems and the ancestral lands on which we thrive and persist. Our community-conserved areas can become the ultimate driving force in the conservation of biodiversity when our rights to our land and resources are respected and recognized.

Our main purpose is to carry out and realize the full recognition and respect for the rights, governance and self-management of our ancestral lands.


c/o PAFID: 71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406


PAFID

Philippine Association for Intercultural Development, Inc. (PAFID) is a social development organization which has been assisting Philippine indigenous communities to secure or recover traditional lands and waters since 1967. It forms institutional partnerships with indigenous communities to secure legal ownership over ancestral domains and to shape government policy over indigenous peoples' issues. PAFID works exclusively with the indigenous peoples' sector, specifically upon written or signed requests for assistance from indigenous communities or their representatives. PAFID envisions indigenous communities as responsible stewards of their resources.


71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406